TIPID KA SA

# ABONONG SWAK!



Maaaring makatipid ng

**P2,000-P4,000**

bawat ektarya

**1** **GUMAMIT NG ORGANIKO AT INORGANIKONG PATABA. HUWAG INORGANIKONG PATABA LANG.**
Maaaring makatipid ng P2,000 hanggang P4,000 bawat ektarya sa paggamit ng pinaghalong organiko at inorganikong pataba.

**2** **PILIIN ANG "COMBO" NA SWAK SA INYO.**
Mamili ng tamang dami ng organiko at inorganikong pataba depende sa target na dami ng ani at badyet.

**3** **SUBUKAN DIN ANG LCC, MOET, O RCMAS BILANG GABAY SA PAG-ABONO**
Alamin ang tamang dami, uri, at tyempo ng pagpapataba sa pamamagitan ng mga *decision-tools* na maaaring i-*download* sa *cellphone*:

**Leaf Color Chart/Computing (LCC) App.**
Inihahambing ang dahon sa mga kulay sa LCC ruler upang malaman kung kailangan nang maglagay ng nitroheno sa palay.

Sa LCC App, natutuos ang kailangang nitroheno gamit ang mga litrato ng dahon ng palay;

**Minus-One-Element Technique (MOET) Kit at MOET App.**
Natutukoy ang kulang na sustansiya gamit ang eksperimento sa lupang nasa paso. MOET App naman ang magtutuos ng uri, dami, at tyempo ng paglalagay ng pataba;

**Rice Crop Manager Advisory Service (RCMAS).**
Sa pagsagot sa mga katanungan sa pagpapalayan gamit ang *cellphone* o *computer*, ito ay nakapagrerekomenda ng tamang dami, uri, at tyempo ng paglalagay ng pataba.

| Tiyempo | Combo 1 ani: 3,000-4,000kg | Combo 2 ani: 5,000-6,000kg | Combo 3 ani: 7,000-8,000kg |
|---|---|---|---|
| 30 araw bago maglipat-tanim | 3,000-4,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin | 5,000-6,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin | 7,000-8,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin |
| 14 araw bago maglipat-tanim | 10 sako pinatuyo sa hangin na dumi ng manok, komersyal na organikong pataba o *vermicompost* | | |
| Punlaan 7-10 DAS | - | Ihalo sa punlaan: 1-2 kilo zinc sulfate | |
| Punlaan 10-14 DAS | - | 2-4 kilo 14-14-14 | |
| **PARA SA BARAYTING 100-110 ARAW ANG PAGGULANG** | | | |
| Unang pagpapataba habang lumalaki: (0-14DAT o 10-14DAS) | 1 sako 14-14-14 | 2 sako 14-14-14 o 16-20-0 | 2 sako 14-14-14 |
| Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (18-22DAT o 24-28DAS) | - | 1 sako urea | 2 sako urea |
| Ika-3 pagpapataba: Paglilihi (28-32DAT o 38-42DAS) | 1 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 | 1 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 | 2 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 |
| **PARA SA BARAYTING 111-120 ARAW ANG PAGGULANG** | | | |
| Unang pagpapataba habang lumalaki (0-14 DAT o 10-14DAS) | 1 sako 14-14-14 | 2 sako 14-14-14 o 16-20-0 | 2 sako 14-14-14 |
| Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (22-26 DAT o 32-36DAS) | - | 1 sako urea | 2 sako urea |
| Ika-3 pagpapataba: Paglilihi (32-36 DAT o 48-53DAS) | 1 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 | 1 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 | 2 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 |
| **PARA SA BARAYTING 121-130 ARAW ANG PAGGULANG** | | | |
| Unang pagpapataba habang lumalaki: (0-14 DAT o 10-14DAS) | 1 sako 14-14-14 | 2 sako 14-14-14 o 16-20-0 | 2 sako 14-14-14 |
| Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (26-31 DAT o 36-40DAS) | - | 1 sako urea | 2 sako urea |
| Ika-3 pagpapataba: Paglilihi (36-40 DAT o 58-62DAS) | 1 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 | 1 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 | 2 sako urea o 0.5 bag 0-0-60 |

DAS- Days after sowing o araw pagkasabog-tanim o pagkapunla
DAT- Days after transplanting o araw pagkalipat-tanim

Sanggunian:
**Department of Agriculture**
BSWM • ATI • PhilRice • RFOs
RICE COMPETITIVENESS ENHANCEMENT FUND (RCEF)